

sa kanya ng napakasama. Kahit nang siya ay ipinako sa krus, humiling siya sa kanyang na patawarin ang mga gumawa ng tulad ng isang kakila-kilakbot na bagay sa kanya.

### **Paano natin maipapakita sa gawa ang pagmamahal sa ibang tao?**

- Sa pamamagitan ng pag-alala sa lahat ng mga materyal na bagay na mayroon tayo sa buhay ay dumating mula sa Diyos at dapat nating ibahagi ang mga ito sa mga taong hindi gaanong pinalad.
- Sa pamamagitan ng pagtrato sa ibang tao sa mabuti at mapagmalasakit na paraan.
- Sa pamamagitan ng pagbibigay ng oras sa mga mahihirap at mga malungkot, sa pamamagitan ng pakikinig sa kanila at pag-alih sa kanila.
- Sa pamamagitan ng pagtulong sa mga taong nangangailangan nang hindi hinihingi ang bayad o kapalit.
- Higit sa lahat sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mensahe ng Ebanghelyo sa kanila.

### **Mga gantimpala sa buhay na ito at sa buhay na darating**

Madaling makita mula sa Bibliya na ang gantimpala para sa mga disipulo na nabubuhay sa ganitong paraan ay ang isang lugar sa kaharian ng Diyos. Pero magkakaroon din sila ng gantimpala sa buhay na ito, si Apostol Pablo ay sumulat:

“Datapuwa’t ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan:

Sapagka’t wala tayong dinalang anoman sa sanglibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anoman

Nguni’t kung tayo’y may pagkain at pananamit ay masisiyahan na tayo doon.” (1 Timoteo 6:6-8)

Sinabi din niya na ang mga pakinabang ng pagiging kontento na tulad nito ay magdadala sa atin ng pagmamahal, kagalakan at kapayapaan

ngayon habang hinihintay natin ang pagdating ni Jesus.

Hinihiling sa atin ng Diyos na unahin natin Siya sa ating buhay at ang ibang tao bago ang ating sarili. Kung ipapakita natin ito sa pamamagitan ng paraan ng ating pamumuhay, maghahatid ito ng kasiyahan at kaligayahan ngayon at sa lugar sa Kaharian ng Diyos sa pagbabalik ni Jesus.

*Bible Education Center*

## **SALIGAN NG KATOTOHANAN SA BIBLIYA**

# **Pang-araw-araw na Pamumuhay Bilang Disipulo ni Cristo**

Pagkatapos mong basahin ang babasahin na ito ay malalaman mo kung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa:

- Mga prinsipyo para sa buhay ng isang disipulo.
- Ang kahulugan ng mga ito sa pagsasagawa.
- Gantimpala ng Diyos sa buhay na ito at sa buhay na darating.

### **Bagong Buhay Kay Cristo**

Kapag tayo ay nabautismuhan, nagsisimula tayo ng bagong buhay. Ipinangako natin na iiwanan ang nakasanayan nating pamumuhay at sumunod sa halimbawa ng Panginoong Jesucristo na ating tagapagligats. Ito ay isang malaking pagbabago at hindi madali dahil pagpapasyahan nating pagsilbihan ang Diyos at sundin Siya sa halip na ang ating sarili. Lahat tayo ay nabibigo ngunit may malaking aliw sa kaalaman na papatawarin ng Diyos ang ating mga kabiguan kung mapagpakumbaba tayong lumapit sa kanya sa panalangin.

“Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo’y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng

biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.” (Hebreo 4:16)

## **Mga prinsipyo ng Bibliya para sa bagong buhay**

Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng dalawang prinsipyo tungkol sa kung paano tayo dapat mamuhay sa ating bagong buhay. Ang mga ito ay bahagi ng mg **utos** ng Diyos sa Lumang Tipan at binigyang-diin ni Jesus sa Bagong Tipan (Marcus 12:30-31).

- Dapat nating ibigin ang Panginoon nating Dios ng ating buong puso, at ng ating buong kaluluwa, at ng ating buong lakas (Deut. 6:4-5)
- Dapat nating ibigin ang ating kapuwa na gaya ng sa ating sarili (Leviticus 19:18)

Sinabi ni Jesus na lahat ng iba pa sa Lumang Tipan ay nakasalalay sa dalawang alituntuning ito. Nagsasalita siya sa isang lalaki na sanay sa pamumuhay sa pamamagitan ng mga patakaran at regulasyon at nagulat siya sa sinabi ni Jesus. Hindi sinabi ng Panginoon sa lalake ang tungkol sa kung ano ang dapat niyang gawin sa kanyang bagong buhay; sa halip ay sinabi sa kanya kung anong uri siya ng tao sa bagong buhay na ito. Ito ay isang mahalagang punto, ang paraan ng pamumuhay at paggawa sa ating buhay – kung anong uri ng mga tao tayo ay dapat naiimpluwensyahan ng ating pag-ibig sa Diyos na nagbigay ng kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang Anak kaya naman, bilang ganti, mahalín natin ang iba tulad ng pagmamahal Niya sa atin.

## **Pagsasagawa ng mga prinsipyo**

Sumulat si Apostol Pedro tungkol sa mga prinsipyong ito sa ibang paraan nang sinabi niyang:

“Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya.” (1 Pedro 2:21)

Ang bawat salita at kilos ni Jesus ay nagpakita kung paano niya minahal ang Diyos at pati na rin ang kanyang mga kapwa tao. Kapag tinitingnan natin siya sa Ebanghelyo, nakikita natin ang mga prinsipyong **ito** ay naisasagawa sa kanyang buhay.

Kaya, bilang mga tagasunod ni Jesus, sinusubukan ng mga disipulo na ilagay ang mga ito sa pagsasanay araw-araw dahil maiimpluwensyahan ng mga ito at mabubuo ang kanilang mga saloobin, mga salita at kilos na tumutulong sa atin na maging katulad ni Cristo.

Kung mahal natin ang Diyos ng buong puso at lakas ay gugustuhin nating:

- Basahin ang tungkol sa Kanya araw-araw,
- Manalangin sa Kanya araw-araw
- Pag-isipan siya kahit na sa mga gawain ng ating pang-araw-araw na buhay.
- Maging matapat sa ating asawa at mamuhay nang mabuti
- Maging matapat sa ating pakikitungo sa lahat ng tao
- Kausapin ang mga tao tungkol sa mensahe ng Ebanghelyo at kung ano ang kahulugan nito sa atin at ipakita, sa pamamagitan ng ating pag-uugali, na naniniwala talaga tayo dito
- Tandaan na ang ating mga katawan ay ibinigay ng Diyos; hindi natin nais na mapinsala ang mga ito sa pamamagitan ng paninigarilyo o paggamit ng droga o ng kalasingan.
- Magtiwala sa Diyos kung anuman ang mangyari sa atin sa buhay, kahit na may masamang bagay na nagaganap, tayo ay laging may pananampalataya sa Kanya at sa pangako ng Kanyang kaharian na darating.

## **Ang ating pang-araw-araw na panalangin**

Itinuro ni Jesus sa kanyang mga alagad ang isang pang-araw-araw na panalangin para sa ang kanilang buhay. Dito niya, una sa lahat, sinabi sa kanila na manalangin na ang kaharian ng

Diyos ay dumating sa lupa upang ang kalooban at hangarin ng Diyos ay mangyari sa buong mundo. Ngunit nang sinabi ni Jesus na ‘ang iyong kalooban ay matupad sa lupa’ sinabi din niya ang tungkol sa buhay ng kanyang mga alagad. Nagsasanay sila ng pamumuhay ayon sa mga pamantayan ng Diyos ngayon upang sila ay magbago at maging perpekto sa pagdating ng ang Panginoong Jesus.

Sinabi din sa kanila ni Jesus na ipanalangin kung ano ang mga kailangan nila sa bawat araw sa kanilang buhay, para sa kanilang araw-araw na tinapay. Hindi niya sinabi sa kanila na pwede silang manalangin para sa kayamanan o materyal na bagay at nilinaw niya ito sa mga salitang sumunod, na dapat nilang ipamuhay ang kanilang buhay bawat araw nang paisa-isa, na naghahanap sa Diyos para sa kung ano lamang ang mga kailangan nila sa bawat araw. Mahirap ito para sa lahat sa atin ngunit ganito ang pamumuhay ni Jesus, nagdarasal sa Diyos tuwing umaga para sa patnubay ng Diyos sa buong araw at ito ay bahagi ng halimbawang iniwan niya sa atin.

## **Pagmamahal sa ating kapwa tulad ng sa ating sarili**

Subalit ang pananalangin ibinigay sa atin ni Jesus ay nagsasabi rin sa atin ng tungkol sa ating mga relasyon sa iba mga tao, ating mga kapit-bahay. Karamihan sa atin ay nais na makuha ang pinakamahusay para sa ating sarili at kung minsan ginagawa natin ito anuman ang epekto sa iba mga tao. Ngunit, kung nais nating patawarin tayo ng Diyos kapag nabigo tayo sa Kanyang mga pamantayan, tayo dapat ay matutong unahin ang ibang tao at isipin ang mga ito bago ang ating sarili. Dapat nating matutunan na malayang magpatawad sa mga taong gumagawa o nagsasabi ng maling bagay laban sa atin. Kung susubukan nating unang ilagay ang Diyos sa ating buhay, ipapakita natin ito sa pag-uugali natin sa ibang tao, na sinusubukang kumilos sa isang mapagmahal at mapagmalasakit na paraan tulad ng ginawa ni Jesus sa mga tao at sinusubukang mapatawad sila, kahit na galitin nila tayo o nasasaktan tayo, tulad ng pagpapatawad ni Jesus sa mga nagtrato